

Ano ang College Bound Scholarship?

Ang scholarship ay isang paunang pangako ng pagbibigay ng tulong pinansyal ng estado para sa mga kwalipikadong mag-aaral na nagpatala sa middle school at nakatutugon sa pangako ng College Bound. Ang programa ay pinapamahalaan ng Washington Student Achievement Council.

Ano ang pangako?

Nangangako ang mga mag-aaral ng College Bound na:

- ★ Magtatapos sa isang high school o home school sa Estado ng Washington na may 2.0 GPA o mas mataas pa.
- ★ Hindi napatunayang nagkasala ng felony.
- ★ Mag-a-apply sa isang kwalipikadong kolehiyo at isusumite ang Libreng Aplikasyon para sa Pederal na Tulong sa Mag-aaral (Free Application for Federal Student Aid, FAFSA) o Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal mula sa Estado ng Washington (Washington Application for State Financial Aid, WASFA) sa lalong madaling panahon pagkalipas ng Oktubre 1 sa iyong senior year sa high school.

Kwalipikado ba ako?

Mag-apply kung nasa ika-7 o ika-8 baitang ka at natutugunan mo ang isa sa mga sumusunod na kinakailangan:

- ★ Nakakatugon ang iyong pamilya sa mga kinakailangan sa kita sa chart sa ibaba.
- ★ Ikaw ay nasa foster care o isa kang dependent ng estado.
- ★ Nakakatanggap ang iyong pamilya ng mga benepisyo para sa pagkain o benepisyo mula sa TANF.

Laki ng Sambahayan	Mga Alituntunin sa Taunang Kita*	Buwanang Kita	Lingguhang Kita
2	\$30,044	\$2,504	\$578
3	\$37,777	\$3,149	\$727
4	\$45,510	\$3,793	\$876
5	\$53,243	\$4,437	\$1,024
6	\$60,976	\$5,082	\$1,173
7	\$68,709	\$5,726	\$1,322
8	\$76,442	\$6,371	\$1,471
Para sa bawat karagdagang miyembro ng sambahayan	Magdagdag ng \$7,733	Magdagdag ng \$646	Magdagdag ng \$149

*Dapat ay mas mababa sa o katumbas ng halagang ito ang kita ng iyong sambahayan.

Paano ako mag-a-apply?

Itanong sa iyong tagapayo o pumunta online sa www.collegebound.wa.gov.

Mayroon bang deadline?

Oo! Dapat kang mag-apply bago ang Hunyo 30 sa pagtatapos ng taon ng iyong ika-8 baitang.

Ano ang susunod na mangyayari?

Kapag nakapagsumite ka na ng kumpletong aplikasyon, makakatanggap ka ng certificate ng College Bound sa koreo. Ipapadala ng programa ang mga update sa scholarship sa email address na ililista mo sa iyong aplikasyon.

Paano ko matatanggap ang scholarship?

- ★ Isumite ang FAFSA o WASFA sa iyong senior year at bawat taon sa kolehiyo upang matukoy ang pagiging kwalipikado batay sa kita.
- ★ Tugunan ang mga kinakailangan sa pangako sa scholarship.
- ★ Matanggap sa isang kwalipikadong kolehiyo.
- ★ Maging isang citizen o kwalipikadong non-citizen ng US, o may status na DACA.



Ang College Bound Scholarship ay isang programang pinopondohan ng estado na pinapamahalaan ng Washington Student Achievement Council. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa at tungkol sa iba pang mga opsyon sa tulong pinansyal sa Washington, bisitahin ang www.readysetgrad.org, o makipag-ugnayan sa amin sa email sa collegebound@wsac.wa.gov, o sa telepono sa 888-535-0747, opsyon 1.